Mga Hakbang Laban sa Secondhand Smoke

Handbook para sa mga Tagapamahala ng Pasilidad

- Batas sa Pagpapabuti ng Kalusugan at Ordinansa ng Tokyo Laban sa Secondhand Smoke -
(Ikatlong Edisyon)

KENKO FIRST TOKYO

TOKYO METROPOLITAN GOVERNMENT

1 Layunin ng mga hakbang laban sa secondhand smoke

Sa Japan, **tinatayang 15,000 katao ang namamatay taun-taon dahil sa secondhand smoke**. Ang secondhand smoke ay napatunayang may kaugnayan sa iba't ibang sakit tulad ng kanser sa baga at ischemic heart disease.*

Ang bansa at ang lungsod ay nagsasagawa ng mga hakbang sa pamamagitan ng mga batas at ordinansa upang lumikha ng isang kapaligirang nagpapahintulot sa mga tao na umiwas sa secondhand smoke ayon sa kanilang sariling kagustuhan, pati na rin upang maiwasan ang masasamang epekto nito sa kalusugan bago pa ito mangyari.

Mga kanser na mas malamang mangyari sa mga taong nakapaligid sa naninigarilyo (Level 1 at Level 2)



*Ang Level 1 ay may sapat na siyentipikong ebidensya upang tantiyahin ang ugnayan ng sanhi at epekto
Ang Level 2 ay may siyentipikong ebidensya na nagpapahiwatig ng ugnayan ng sanhi at epekto, ngunit hindi ito sapat
Sanggunian: National Research and Development Agency, National Cancer Center Japan, Cancer Control Information Center Website "Cancer Information Service"

*Ministry of Health, Labour and Welfare "Smoking and Health - A Report of the Evaluation Committee on Health Effects of Smoking" (Taong 2016)

2 Ang Batas sa Pagpapabuti ng Kalusugan at Ordinansa ng Tokyo Metropolitan Laban sa Secondhand Smoke

Tungkol sa Batas sa Pagpapabuti ng Kalusugan

Ang "Batas sa Pagpapabuti ng Kalusugan" (na tatawaging "Batas" mula rito.) ay nagpatupad ng mga pagbabago upang ipagbawal ang paninigarilyo sa mga lugar maliban sa itinakdang espasyo, depende sa uri ng pasilidad atbp. na ginagamit ng maraming tao. Nagtakda rin ito ng mga hakbang atbp. na dapat gawin ng mga may awtoridad ng pamamahala ng pasilidad atbp. Ito ay ganap na ipinatupad noong 2020.

Tungkol sa Ordinansa ng Tokyo Laban sa Secondhand Smoke

Ang "Ordinansa ng Tokyo Laban sa Secondhand Smoke" (na tatawaging "Ordinansa ng Tokyo" mula rito.), na ganap na ipinatupad noong 2020, ay nagtatakda ng mga natatanging patakaran ng Tokyo upang protektahan ang mga tao mula sa secondhand smoke, **lalo na ang mga mas madaling maapektuhan ng secondhand smoke, tulad ng mga wala pang 20 taong gulang** at mga **empleyado na nasa mahirap na posisyon upang maiwasan ang secondhand smoke**.

Sa handbook na ito, ipapaliwanag ang mga dapat gawin ng mga pasilidad sa loob ng Tokyo batay sa Batas at Ordinansa ng Tokyo.

3 Pangunahing tungkulin ng mga may awtoridad ng pamamahala ng pasilidad atbp.

Sa Batas at Ordinansa ng Tokyo, ang "may awtoridad ng pamamahala" ay tumutukoy sa may-ari o sinumang may kapangyarihang magsagawa ng legal na pagbabago atbp. sa isang pasilidad atbp. Samantala, ang "tagapamahala" ay tumutukoy sa taong aktwal na namamahala sa lugar, na hiwalay sa may awtoridad ng pamamahala. Ang may awtoridad ng pamamahala at tagapamahala ay sama-samang tinutukoy bilang "May awtoridad ng pamamahala atbp."
Ang mga may awtoridad ng pamamahala atbp. ay may tungkuling pigilan ang secondhand smoke.

■Pag-alis ng mga kagamitan at pasilidad para sa paninigarilyo

Hindi dapat maglagay ng mga kagamitan o pasilidad para sa paninigarilyo sa mga lugar kung saan ipinagbabawal ang paninigarilyo.



■Pakiusap sa mga naninigarilyo na tumigil sa paninigarilyo, atbp.

Dapat magsikap na hilingin sa mga taong naninigarilyo (o nagbabalak manigarilyo) sa mga lugar kung saan ipinagbabawal ito na tumigil o umalis sa lugar.

■Pagpapaskil ng mga palatandaan

Kung may lugar sa loob ng pasilidad kung saan pinapayagan ang paninigarilyo, kailangang magpaskil ng palatandaan tungkol dito sa smoking room at sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita.

Bukod dito, **ayon sa Ordinansa ng Tokyo, ang mga restawran ay dapat ding magpaskil ng palatandaan kung ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng establisyemento.**

*Nagbibigay ang Tokyo ng mga sticker para sa mga palatandaan. Tingnan ang pabalat sa likod.

⚠Kung sakaling lumabag

Bukod sa gabay, payo, rekomendasyon, paglalathala, utos, at onsite na inspeksyon atbp*. ng health center atbp., maaaring mapatawan ng mga multa.
Mangyaring sundin ang mga alituntuning nakasaad sa handbook na ito.

*Ang onsite na inspeksyon atbp. ay maaaring kabilangan ng mga sumusunod. Ang pagsunod sa onsite na inspeksyon atbp. ay bahagi rin ng tungkulin ng mga may awtoridad ng pamamahala atbp.

- Hihingin ang ulat tungkol sa katayuan ng pagpapatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang secondhand smoke.
- Ang mga staff ay papasok sa mga partikular na pasilidad upang suriin ang rekord atbp. at ang katayuan ng pagpapatupad ng mga naturang hakbang.
- Magsasagawa ng pagtatanong sa mga kaugnay na indibidwal.

Alinsunod sa mga regulasyon ng Employment Security Act, ang mga nagsasagawa ng employee recruitment ay inaatasang malinaw na ipahayag ang katayuan ng mga hakbang laban sa secondhand smoke sa pasilidad kapag nag-aalok o tumatanggap ng aplikasyon sa trabaho.
Bukod dito, ayon sa Industrial Safety and Health Act, ang mga employer at lugar ng trabaho ay dapat magsikap na magpatupad ng mga angkop na hakbang upang maiwasan ng mga empleyado ang secondhand smoke sa loob ng gusali at sa mga katulad na kapaligiran.

4 Mga uri ng mga saklaw na pasilidad

Ang paninigarilyo sa loob ng mga gusali* ay karaniwang ipinagbabawal, kasama na ang paggamit ng heated tobacco products. Ang paninigarilyo ay pinapayagan lamang sa mga lugar kung saan hindi ito ipinagbabawal ng Batas at Ordinansa ng Tokyo.

Ang mga pasilidad na sakop ng regulasyon ng Batas at Ordinansa ng Tokyo ay ang mga lugar na ginagamit ng dalawa o higit pang tao nang sabay-sabay o halinhinan. Nahahati ang mga ito sa tatlong uri:
Bukod dito, kasama rin sa regulasyon ang mga sasakyang pang-transportasyon para sa mga pasahero.

Type 1 na pasilidad

Mga paaralan, ospital, pasilidad para sa kapakanan ng mga bata, gusali ng mga ahensya ng gobyerno, atbp.

- **Ganap na ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali**
- **Karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa labas ng gusali (Pinapayagan lamang ang paninigarilyo sa mga itinakdang smoking area sa labas ng gusali)**
- **Ayon sa Ordinansa ng Tokyo, ang mga paaralan, nursery center, atbp. ay may obligasyon na magsikap na hindi magtayo ng mga itinakdang smoking area sa labas ng gusali.**



➡Tingnan ang P5-6.

Type 2 na pasilidad

Mga pasilidad na ginagamit ng maraming tao, maliban sa Type 1 na pasilidad at mga pasilidad na may pangunahing layunin ng paninigarilyo

- **Karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali (Pinapayagan lamang ang paninigarilyo sa mga silid para sa paninigarilyo, mga silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco, at mga silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo)**
- Ang labas ng gusali ay hindi sakop ng regulasyon. (May obligasyon na magkonsidera P4)



➡Tingnan ang P6.

*Ang mga restawran ay may bahagyang magkakaibang patakaran.

➡Tingnan ang P7.

Mga pasilidad na may pangunahing layunin ng paninigarilyo

Mga pasilidad na ang pangunahing layunin ay magbigay ng lugar para sa paninigarilyo

- **Maaaring manigarilyo sa loob ng gusali (Sa loob lamang ng silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo)**
- Ang labas ng gusali ay hindi sakop ng regulasyon. (May obligasyon na magkonsidera P4)

➡Tingnan ang P12.

Bus, taxi, eroplano, tren, barko ➡ Tingnan ang P12.

Hindi saklaw ng regulasyon / exemption

[Hindi saklaw ng regulasyon]
- Mga lugar sa labas ng gusali, maliban sa loob ng lote ng mga Type 1 na pasilidad*

[Exemption]
- Mga tirahan (kasama ang mga balkonahe at bakuran ng mga bahay, atbp.), mga pribadong silid sa mga admission facility atbp., mga lugar na tinitirhan ng tao
- Mga guest room ng hotel, ryokan, at iba pang pasilidad na pang-akomodasyon (limitado sa pribadong silid), mga silid-tulugan ng mga pasahero sa tren at barko

Kahit sa mga lugar na hindi saklaw ng regulasyon / exemption, **kung magsisigarilyo o kung ang may awtoridad ng pamamahala ng pasilidad ay magtatakda ng lugar para sa paninigarilyo, may obligasyon na siguraduhing hindi makalanghap ang iba ng secondhand smoke.** Bukod dito, maaaring may sariling patakaran ang mga munisipalidad tungkol sa paninigarilyo. Mangyaring kumonsulta sa inyong munisipalidad para sa karagdagang impormasyon.

Ang *loob ng gusali ng pasilidad ay tumutukoy sa (1) gusaling may bubong at (2) ang kalahati o higit pang gilid nito ay natatakpan ng dingding. Ang mga lugar na hindi sumasailalim sa depinisyon na ito ay itinuturing na labas ng gusali.

Kolum Paano kung saklaw ng maraming uri ng pasilidad?

May pasilidad na hindi Type 1 sa loob ng Type 1 na pasilidad.

Ang buong pasilidad ay sakop ng regulasyon ng Type 1 na pasilidad.
(Hal.) Kung may kantina (restawran) sa loob ng isang unibersidad o ospital, ang espasyo ng kantina ay sakop din ng regulasyon ng Type 1 na pasilidad.
*Kung ang Type 1 na pasilidad at ibang uri ng pasilidad ay magkasama ngunit malinaw na magkaiba ang kanilang gamit o mga gumagamit, o kung malinaw na hiwalay ang mga ito, ang bawat pasilidad ay ituturing na hiwalay at sakop ng kani-kanilang regulasyon.

May halo-halong uri ng pasilidad sa loob ng isang pasilidad

Ang buong pasilidad ay ituturing na Type 2 na pasilidad. Kung may Type 1 na pasilidad sa loob ng pasilidad, ang regulasyon ng Type 1 na pasilidad ay ilalapat lamang sa parteng iyon.
(Hal.) Kung may klinika sa loob ng isang komersyal na gusali, ang buong gusali ay ituturing na Type 2 na pasilidad, habang ang inookupahang bahagi ng klinika ay sakop ng regulasyon ng Type 1 na pasilidad.

Kolum Ano ang regulasyon para sa mga ordinaryong pribadong sasakyan?

- Kung ang sasakyan ay dumadaan sa lote ng pasilidad, hindi ito sakop ng regulasyon dahil pansamantala lamang ang pagdaan nito. Gayunpaman, kung maninigarilyo, dapat ikonsidera ang sitwasyon ng paligid upang maiwasan ang secondhand smoke.
- Kung ang sasakyan ay nakaparada sa loob ng lote ng pasilidad, ito ay sakop ng parehong regulasyon ng pasilidad.

5 Mga regulasyon ayon sa uri ng pasilidad

1 Mga ospital, unibersidad, pasilidad para sa kapakanan ng mga bata (maliban sa mga nursery center, atbp.), mga gusali ng ahensya ng gobyerno, atbp.

Type 1 na pasilidad

■Saklaw

- Mga ospital, klinika, maternity home, botika
- Mga pasilidad para sa pangangalaga ng matatanda at institusyong medikal na pangangalaga
- Mga sentro ng suporta at konsultasyon para sa mga intractable disease
- Mga klinika kung saan nagsasagawa ng treatment ang mga lisensyadong masahista, acupuncturist, moxibustion therapist, o judo therapist



- Unibersidad *Maliban sa mga pasilidad na para lamang sa graduate school.
- Mga vocational school
- Iba't Ibang uri ng pasilidad sa pagsasanay
- Mga pasilidad para sa kapakanan ng mga bata*

  *Para sa detalye, tingnan ang P14 , T4 .
- Mga reform school at juvenile detention facility
- Mga gusali ng pambansa at lokal na administratibong ahensya ng gobyerno (Mga pasilidad na ginagamit ng mga ahensya ng gobyerno para sa kanilang mga gawain)

■Mga regulasyon

- Ganap na ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali. Hindi maaaring magtayo ng smoking area sa loob.
- Karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa labas ng gusali. Maaaring magtayo ng isang itinakdang smoking area sa labas ng gusali na tumutugon sa mga requirement, at doon lamang pinapayagan ang paninigarilyo.

Smoking area na maaaring itayo sa Type 1 na pasilidad

Itinalagang smoking area sa labas ng gusali

…Smoking area ng mga unibersidad, ospital, atbp.

■Mga Requirement

(1) Dapat nasa labas ng gusali ng Type 1 na pasilidad.
(2) Dapat may malinaw na paghihiwalay sa pagitan ng smoking area at non-smoking area.
(3) Dapat may nakapaskil na palatandaan na nagpapahiwatig na maaaring manigarilyo sa lugar na ito.
(4) Dapat ito ay nasa lugar kung saan bihirang pumunta ang mga gumagamit ng pasilidad. (Hal.) Likod ng gusali o rooftop, atbp.

■Mga uri ng pinapayagang tobacco:

Mga karaniwang tobacco tulad ng sigarilyo, cigar, pipe, waterpipe, heated tobacco

■Mga karagdagang paalala

- Kung magtatayo ng itinalagang smoking area sa labas ng gusali, mainam na ikonsidera na hindi ito itayo malapit o katabi ng mga kalapit na gusali.
- Ang Type 1 na pasilidad ay pangunahing ginagamit ng mga taong mas madaling maapektuhan ng secondhand smoke, kaya **karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa buong lote.** Samakatuwid, bagama't pinapayagan ang pagtatayo ng itinalagang smoking area sa labas ng gusali, hindi ito inirerekomenda.

2 Mula kindergarten hanggang high school, pati na rin mga daycare center, atbp.

Type 1 na pasilidad

■Saklaw

- Mga paaralang itinakda sa Artikulo 1 ng School Education Act, kabilang ang mga kindergarten, elementarya, junior high school, compulsory education school, senior high school, six-year secondary school, special needs school, at technical college. Kasama rin ang mga espesyal na paaralan na itinakda sa Artikulo 124 ng parehong batas at ang iba't ibang uri ng paaralan na itinakda sa Artikulo 134-1 ng parehong batas.
- Mga nursery center na itinakda sa Artikulo 39-1 ng Child Welfare Act.
- Iba pang mga katulad na pasilidad (Mataas na kurso at pangkalahatang kurso ng mga specialized training school, mga international school, mga certified children's center, at mga hindi lisensyadong pasilidad para sa daycare, atbp.)



■Mga regulasyon

- Ganap na ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali. Hindi maaaring magtayo ng smoking area sa loob.
- Karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa labas ng gusali. Dapat magsikap na hindi magtayo ng itinalagang smoking area sa labas ng gusali. (Sa ilalim ng Ordinansa ng Tokyo, may itinalagang obligasyon na magsikap na hindi magtayo ng itinalagang smoking area sa labas ng mga pasilidad na ito.)

3 Mga pasilidad na ginagamit ng maraming tao (Maliban sa 1, 2, 4, at 6)

Type 2 na pasilidad

■Saklaw

Mga pasilidad na ginagamit ng dalawa o higit pang tao

(Hal.) Mga kumpanya, opisina, gym, teatro, viewing hall, auditorium, exhibition hall, department store, beauty salon, amusement venue, pasilidad na pang-akomodasyon, atbp.

■Mga regulasyon

- Karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali. Sa isang bahagi ng loob ng gusali, maaaring magtayo ng silid para sa paninigarilyo P 8 o silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco P 9 na tumutugon sa mga requirement at teknikal na pamantayan. Tanging sa loob lamang ng mga silid na ito maaaring manigarilyo.
- Ang labas ng gusali ay hindi sakop ng regulasyon. Gayunpaman, kung magtatayo ng smoking area, dapat ikonsidera na ito ay nasa lugar na hindi magdudulot ng secondhand smoke.

■Exemption

Ang mga lugar na ginagamit para sa tirahan ng tao, tulad ng mga guest room ng hotel, ryokan, at iba pang pasilidad na pang-akomodasyon (limitado sa pribadong silid), housing complex tulad ng condominium at apartment (kasama rin ang balkonahe), mga pribadong silid sa mga admission facility atbp. ay hindi sakop ng regulasyon.

4 Restawran

Type 2 na pasilidad

■Saklaw

Mga restawran, kapehan, at iba pang establisyemento na may mga kagamitan upang maghain ng pagkain at inumin sa mga customer.

■Mga regulasyon

- Karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali. Sa isang bahagi ng loob ng gusali, maaaring magtayo ng silid para sa paninigarilyo P 8 o silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco P 9 na tumutugon sa mga requirement at teknikal na pamantayan. Tanging sa loob lamang ng mga silid na ito maaaring manigarilyo.
- Kahit na ganap na ipinagbabawal ang paninigarilyo sa loob ng gusali, ayon sa Ordinansa ng Tokyo, may **obligasyon pa rin na maglagay ng "No Smoking" na palatandaan**.

  ★ POINT Ang "No Smoking" na palatandaan ay dapat nakapaskil sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita.
- Ang labas ng gusali ay hindi sakop ng regulasyon. Gayunpaman, kung magtatayo ng smoking area, dapat ikonsidera na ito ay nasa lugar na hindi magdudulot ng secondhand smoke.
- Para sa mga transisyonal na hakbang para sa mga establisyementong nag-ooperate na noong Abril 1, 2020, tingnan ang P10.



Mga silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco

Kolum

Kahit sa mga lugar sa labas ng gusali kung saan hindi ipinagbabawal ang paninigarilyo, may obligasyon pa ring magbigay ng konsiderasyon!

Kung maninigarilyo sa lugar kung saan hindi ipinagbabawal ang paninigarilyo, o kung magtatayo ng smoking area sa lugar kung saan hindi ipinagbabawal ang paninigarilyo, may obligasyon pa ring siguraduhing hindi makalanghap ang iba ng secondhand smoke. Halimbawa, **hindi angkop na magtayo ng smoking area na nakaharap sa isang mataong bangketa, dahil may mataas na posibilidad na makalanghap ang mga naglalakad ng secondhand smoke**. Madalas makatanggap ng reklamo tungkol sa paninigarilyo sa harap ng mga establisyemento, kaya mangyaring mag-ingat. Gayundin, maaaring may sariling patakaran ang mga munisipalidad tungkol sa paninigarilyo sa kalye. Mangyaring kumonsulta sa inyong munisipalidad para sa karagdagang impormasyon.

Smoking area na maaaring itayo sa Type 2 na pasilidad

(A) Mga silid para sa paninigarilyo

...Smoking room para lamang sa paninigarilyo ng tobacco

■Mga Requirement

(1) Dapat ito ay **bahagi** ng loob ng Type 2 na pasilidad o tren / barko P12 .

★ POINT Hindi maaaring gawing silid para sa paninigarilyo ang buong loob ng pasilidad.

(2) Dapat ito ay lugar na **eksklusibo** para sa paninigarilyo.

★ POINT Sa loob ng silid para sa paninigarilyo, hindi pinapayagan ang pagkain, pag-inom, **o anumang gawain maliban sa paninigarilyo.**

(3) Dapat tumutugon sa mga pamantayan (mga sumusunod na **teknikal na pamantayan**) upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.

(4) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig ng sumusunod, sa pasukan ng smoking room kung saan madali itong makita.

- Ito ay lugar na eksklusibo para sa paninigarilyo.
- Bawal pumasok ang mga taong wala pang 20 taong gulang.

(5) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig na may silid para sa paninigarilyo, sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita.

■Mga teknikal na pamantayan:

(1) Dapat may **airflow na hindi bababa sa 0.2 m/s** papasok sa smoking room **mula sa labas ng pasukan**.

(2) Dapat may mga **dingding, kisame, at iba pang partisyon** upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco (kasama ang singaw ng heated tobacco) mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.

(3) Dapat **naibubuga ang** usok ng tobacco **sa labas ng gusali**.

■Mga uri ng pinapayagang tobacco:

Mga karaniwang tobacco tulad ng sigarilyo, cigar, pipe, waterpipe, heated tobacco

■Mga dapat sundin sa pagpapatupad

- **Hindi dapat papasukin sa silid para sa paninigarilyo ang sinuman, kabilang ang mga empleyado, na wala pang 20 taong gulang.**
- Kung ititigil ang paggamit ng silid para sa paninigarilyo, dapat tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (4).
- Kung ititigil ang paggamit ng lahat ng silid para sa paninigarilyo sa loob ng pasilidad, dapat agad na tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (5).

■Imahe ng palatandaan

(B) Mga silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco

Smoking room kung saan pinapayagan lamang ang heated tobacco …at maaaring kumain, uminom, atbp. habang naninigarilyo. (Transisyonal na hakbang, hindi pa tiyak ang petsa ng pagtatapos.)

■Mga Requirement

(1) Dapat ito ay **bahagi** ng loob ng Type 2 na pasilidad o tren / barko P12.

★ POINT Hindi maaaring gawing silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco ang buong loob ng pasilidad.*

*Ayon sa Batas, ang paninigarilyo sa loob ng gusali ay karaniwang ipinagbabawal. Gayunpaman, kung magtatayo ng isang silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco, ito ay batay sa ideya na dapat magkaroon ng opsyon upang parehong magamit ng mga naninigarilyo at hindi naninigarilyo ang pasilidad nang may kapanatagan. Dahil dito, ang pagtatayo ng naturang silid ay pinahihintulutan lamang sa "isang bahagi" ng pasilidad. Samakatuwid, ang pagtatalaga sa buong customer area bilang silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco habang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa ibang lugar, o ang pagtatalaga sa buong opisina bilang silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco habang ipinagbabawal ang paninigarilyo sa ibang lugar ay hindi naaayon sa layunin ng batas at hindi pinapahintulutan.

(2) Dapat ito ay lugar kung saan pinapayagan ang paninigarilyo (para lamang sa itinalagang uri ng tobacco).

★ POINT Sa loob ng silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco, pinapayagan ang pagkain, pag-inom, at iba pang gawain **bukod sa paninigarilyo.**

(3) Dapat tumutugon sa mga pamantayan (mga sumusunod na **teknikal na pamantayan**) upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.

(4) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig ng sumusunod, sa pasukan ng smoking room kung saan madali itong makita.
- Maaaring manigarilyo sa lugar na ito (para lamang sa heated tobacco).
- Bawal pumasok ang mga taong wala pang 20 taong gulang.

(5) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig na may silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco, sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita.

■Mga teknikal na pamantayan:

(1) Dapat may **airflow na hindi bababa sa 0.2 m/s** papasok sa smoking room **mula sa labas ng pasukan**.

(2) Dapat may mga **dingding, kisame, at iba pang partisyon** upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco (kasama ang singaw ng heated tobacco) mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.

(3) Dapat **naibubuga** ang usok ng tobacco **sa labas ng gusali**.

■Mga uri ng pinapayagang tobacco:

Heated tobacco lamang

■Mga dapat sundin sa pagpapatupad

- **Hindi dapat papasukin sa silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco ang sinuman, kabilang ang mga empleyado, na wala pang 20 taong gulang.**
- **Kapag nag-a-advertise o nagpo-promote ng operasyon ng isang pasilidad, dapat malinaw na ipahayag na mayroong silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco.**
- Kung ititigil ang paggamit ng silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco, dapat tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (4).
- Kung ititigil ang paggamit ng lahat ng silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco sa loob ng pasilidad, dapat agad na tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (5).

■Imahe ng palatandaan



(C) Mga silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo ··· Smoking room para sa mga umiiral na maliliit na restawran na walang empleyado
(Transisyonal na hakbang, hindi pa tiyak ang petsa ng pagtatapos.)

■Mga Requirement

(1) Dapat ito ay **bahagi o buong** loob ng isang **restawran na umiiral na at tumutugon sa mga kondisyon mula (a) at (d) sa ibaba**:

(a) Nag-ooperate na noong Abril 1, 2020.

(b) Ang floor area ng customer seating area sa loob ng pasilidad ay 100㎡ o mas maliit.

(c) Ito ay pagmamay-ari ng isang small or medium enterprise (na may kabuuang kapital o puhunan na 50 milyong yen o mas mababa) o isang indibidwal na negosyante.

(d) Walang empleyado*.

★ POINT Ang (d) ay isang natatanging patakaran ng Tokyo.

***Kahulugan ng "empleyado"**

Mga taong itinuturing na "manggagawa" ayon sa Artikulo 9 ng Labor Standards Act
(Hal.) regular na empleyado, kontraktuwal na empleyado, part-time worker, temporaryong empleyado, atbp.
*Maliban sa mga taong nagtatrabaho sa isang negosyo o opisina na gumagamit lamang ng mga kamag-anak na nakatira sa iisang bahay at mga tagapaglingkod sa bahay.

Artikulo 9 ng Labor Standards Act Ang terminong "manggagawa" ay tumutukoy sa sinumang ginagamit sa isang negosyo o opisina, anuman ang uri ng trabaho, at tumatanggap ng sahod.

(2) Dapat ito ay isang lugar kung saan maaaring manigarilyo.

★ POINT Sa loob ng silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, pinapayagan ang pagkain, pag-inom, at iba pang gawain **bukod sa paninigarilyo.**

(3) Dapat tumutugon sa mga pamantayan (mga sumusunod na **teknikal na pamantayan**) upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.

(4) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig ng sumusunod, sa pasukan ng smoking room kung saan madali itong makita.

- Maaaring manigarilyo sa lugar na ito.
- Bawal pumasok ang mga taong wala pang 20 taong gulang.

(5) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig na may silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita.

*Kung ang buong loob ng pasilidad ay gagawing silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, at mayroon nang nakapaskil na palatandaan na binanggit sa Requirement (4) sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita, hindi na kailangan ang karagdagang palatandaan.

■Mga teknikal na pamantayan:

(1) Dapat may **airflow na hindi bababa sa 0.2 m/s** papasok sa smoking room **mula sa labas ng pasukan**.

(2) Dapat may mga **dingding, kisame, at iba pang partisyon** upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco (kasama ang singaw ng heated tobacco) mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.

(3) Dapat **naibubuga** ang usok ng tobacco **sa labas ng gusali**.

- **Kung ang isang restawran na walang empleyado atbp. at tumutugon sa mga nabanggit na mga requirement ay magpapahintulot ng paninigarilyo sa buong loob ng establisyemento bilang silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, kailangan lamang matugunan ang Requirement (2). Sa ganitong kaso, hindi dapat papapasukin sa loob ng establisyemento ang sinumang wala pang 20 taong gulang.**

(Magpatuloy sa susunod na pahina.)

■Mga uri ng pinapayagang tobacco:

Mga karaniwang tobacco tulad ng sigarilyo, cigar, pipe, waterpipe, heated tobacco

■Mga dapat sundin sa pagpapatupad

- **Kapag nagtayo ng silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, kailangang magsumite ng abiso sa lokal na health center.**

Mga detalye sa abiso

(1) Pangalan at lokasyon ng pasilidad
(2) Pangalan at address ng may awtoridad ng pamamahala (pangalan at address ng legal representative)
(3) Wala itong mga empleyado.

- **Kung may pagbabago sa mga detalye sa abiso o kung ititigil ang paggamit ng silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, kailangang magsumite ng abiso sa lokal na health center.**
- **Bawal pumasok ang mga taong wala pang 20 taong gulang sa silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo.**
- **Kailangang ihanda at itago ang mga sumusunod na dokumento.**

Mga dokumento

(1) Dokumento tungkol sa floor area ng customer seating area sa loob ng pasilidad
(2) Dokumento tungkol sa kabuuang kapital o puhunan (kung ito ay pinapatakbo bilang isang kumpanya)
(3) Dokumento na nagpapatunay na walang binabayarang sahod sa mga empleyado

- **Kapag nag-a-advertise o nagpo-promote ng operasyon ng isang pasilidad, dapat malinaw na ipahayag na mayroong silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo.**
- Kung ititigil ang paggamit ng silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, dapat tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (4).
- Kung ititigil ang paggamit ng lahat ng silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, dapat agad na tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (5).
- Kung ang pasilidad ay hindi na tumutugon sa alinman sa apat na mga requirement, kailangang magsumite ng abiso sa health center tungkol sa pagtitigil ng paggamit ng silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo.

■Imahe ng palatandaan

(5) Mga regulasyon ayon sa uri ng pasilidad
Mga silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo

Kolum Protektahan ang mga Bata mula sa Secondhand Smoke!

Sa Tokyo, ipinatutupad ang "Ordinansa ng Tokyo para sa Pagprotekta sa mga Bata mula sa Secondhand Smoke" (naisabatas noong Abril 1, 2018), na nagtatakda ng responsibilidad atbp. ng mga residente na tiyaking hindi makalanghap ang mga bata ng secondhand smoke, kahit saan, kabilang ang loob ng bahay at mga sasakyang may kasamang bata, atbp.

*Ang destinasyon ay isang pahina na nasa wikang Hapon, kaya't pakigamitin ang translation function ng inyong browser upang ito'y mabasa.

5 Bus, taxi, eroplano, tren, at barko

■Saklaw

Bus, taxi, pangpasaherong eroplano, pangpasaherong tren*1, pangpasaherong barko*2

*1 Mga sasakyan o kagamitan na ginagamit ng mga operator ng tren (limitado sa mga nagsasagawa ng transportasyon ng mga pasahero) at mga operator ng cable car (limitado sa mga nagsasagawa ng transportasyon ng mga pasahero) ayon sa Railway Business Act, pati na rin ng mga operator ng railway ayon sa Act on Rail Tracks, para sa kanilang negosyo ng pag-transport ng mga pasahero

*2 Mga barko na ginagamit ng mga operator ng barko (limitado sa mga nagsasagawa ng transportasyon ng mga pasahero) ayon sa Maritime Transportation Act para sa kanilang negosyo ng pag-transport ng mga pasahero

■Mga regulasyon

Bus, taxi, at eroplano

Sa loob ng sasakyan (o eroplano), ganap na ipinagbabawal ang paninigarilyo. Hindi maaaring magtayo ng smoking area sa loob ng sasakyan (o eroplano).

Tren at barko

Sa loob ng sasakyan (o barko), karaniwang ipinagbabawal ang paninigarilyo. Sa isang bahagi ng loob ng sasakyan (o barko), maaaring magtayo ng silid para sa paninigarilyo P 8 o silid para sa paninigarilyo ng itinalagang uri ng tobacco P 9.

Gayunpaman, ang mga silid-tulugan ng mga pasahero (limitado sa pribadong silid) ay hindi sakop ng regulasyon.

6 Mga pasilidad na may pangunahing layunin ng paninigarilyo

■Kahulugan

Mga pasilidad na ang pangunahing layunin ay magbigay ng lugar para sa paninigarilyo

■Saklaw

Pampublikong smoking area

Mga pasilidad kung saan ang buong loob ng gusali ay eksklusibo para sa paninigarilyo

Mga bar, snack bar, at iba pang establisyemento na pangunahing layunin ay ang paninigarilyo

Mga restawran na tumutugon sa sumusunod na mga requirement

(1) Harapang nagbebenta ng tobacco (kabilang ang mobile sales).

(2) Nagpapatakbo ng negosyo na may mga kagamitan upang maghain ng pagkain at inumin sa mga customer (maliban sa mga pangunahing naghahain ng "mga pagkain na karaniwang itinuturing na mga pangunahing pagkain*").

*Hal.) kanin, tinapay na hindi pastry, noodles, pizza pie, okonomiyaki, atbp.

★ POINT **Dahil karaniwang ayaw ng mga hindi naninigarilyo na makalanghap ng secondhand smoke, ang mga pasilidad na inaasahang gagamitin ng mga hindi naninigarilyo para sa pagkain, pag-inom, o iba pang gawain maliban sa paninigarilyo ay hindi maaaring maging pasilidad na may pangunahing layunin ng paninigarilyo, dahil maaari itong magdulot ng hindi kanais-nais na secondhand smoke.**

Mga tindahan ng tobacco kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo sa loob

Mga pasilidad na tumutugon sa sumusunod na mga requirement

(1) Nagbebenta ng tobacco o smoking accessories* (para sa tobacco, harapang pagbebenta lamang.)

*Ang tobacco o smoking accessories ay dapat bumubuo ng higit sa 50% ng mga produktong naka-display.

(2) Hindi nagpapatakbo ng establisyemento na may mga kagamitan upang maghain ng pagkain at inumin sa mga customer.

■Mga regulasyon

・Sa buong bahagi o isang bahagi ng establisyemento, maaaring magtayo ng silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo P13 na tumutugon sa mga requirement at teknikal na pamantayan, at manigarilyo sa loob nito.

Bawal pumasok sa silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo ang sinuman, kabilang ang mga empleyado, na wala pang 20 taong gulang.

■Mga Requirement

(1) Dapat ito ay **bahagi o buong** loob ng **pasilidad na pangunahing para sa paninigarilyo**.
(2) Dapat ito ay isang lugar kung saan maaaring manigarilyo.
(3) Dapat tumutugon sa mga pamantayan (mga sumusunod na **teknikal na pamantayan**) upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.
(4) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig ng sumusunod, sa pasukan ng smoking room kung saan madali itong makita.
- Ito ay isang lugar na may pangunahing layunin ng paninigarilyo.
- Bawal pumasok ang mga taong wala pang 20 taong gulang.

(5) Dapat magpaskil ng palatandaan na nagpapahiwatig na may silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo, sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita.

*Kung ang buong loob ng pasilidad ay gagawing silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo, at mayroon nang nakapaskil na palatandaan na binanggit sa Requirement (4) sa pangunahing pasukan ng pasilidad kung saan madali itong makita, hindi na kailangan ang karagdagang palatandaan.

■Mga teknikal na pamantayan:

(1) Dapat may **airflow na hindi bababa sa 0.2 m/s** papasok sa smoking room **mula sa labas ng pasukan**.
(2) Dapat may mga **dingding, kisame, at iba pang partisyon** upang maiwasan ang pagtagas ng usok ng tobacco (kasama ang singaw ng heated tobacco) mula sa smoking room papunta sa loob ng pasilidad.
(3) Dapat **naibubuga** ang usok ng tobacco **sa labas ng gusali**.

■Mga uri ng pinapayagang tobacco:

Mga karaniwang tobacco tulad ng sigarilyo, cigar, pipe, waterpipe, heated tobacco

■Mga dapat sundin sa pagpapatupad

- **Hindi dapat papasukin sa silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo ang sinuman, kabilang ang mga empleyado, na wala pang 20 taong gulang.**
- **Dapat ihanda at itago ang isang rekord na naglalaman ng sumusunod na impormasyon:** (Maliban sa pampublikong smoking area)

Mga detalye na dapat ilagay sa rekord — **Impormasyon tungkol sa permit ayon sa Artikulo 22-1 o Artikulo 26-1 ng Tobacco Business Act**

- **Kapag nag-a-advertise o nagpo-promote ng operasyon ng isang pasilidad, dapat malinaw na ipahayag na mayroong silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo.**
- Kung ititigil ang paggamit ng silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo, dapat tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (4).
- Kung ititigil ang paggamit ng lahat ng silid na may pangunahing layunin ng paninigarilyo sa loob ng pasilidad, dapat agad na tanggalin ang palatandaan na binanggit sa Requirement (5).

■Imahe ng palatandaan

6 Mga madalas itanong

T1 Posible bang mag-iba ng regulasyon depende sa oras?

Mula sa pananaw ng pag-iwas sa secondhand smoke, ang regulasyon ay inilalapat sa buong pasilidad, kaya hindi pinapayagan ang pagbabago ng klasipikasyon ng pasilidad batay sa oras.

T2 Posible bang manigarilyo sa terrace seating?

Kahit na ang terrace seating ay hindi napapalibutan ng kalahati o higit pang dingding, kung ito ay walang malinaw na paghihiwalay mula sa loob ng establisyemento, tulad ng pader o glass door, ang lugar na sakop ng bubong ay ituturing na “loob ng gusali.” Sa ganitong kaso, hindi maaaring manigarilyo.

T3 Sino ang dapat gumawa ng pagsukat para sa mga teknikal na pamantayan?

Walang partikular na regulasyon tungkol sa tagapagsukat, ngunit responsibilidad ng may awtoridad ng pamamahala na tiyaking natutugunan at napapanatili ang mga teknikal na pamantayan.

T4 Ano ang mga pasilidad na sakop ng "mga pasilidad para sa kapakanan ng mga bata" sa P5 ?

Ang mga pasilidad na sakop ay ang mga sumusunod ayon sa Artikulo 7-1 ng Child Welfare Act: mga pasilidad para sa kapakanan ng mga bata (maliban sa nursery center at children’s center in coordination between kindergarten and nursery center); outpatient support services para sa mga bata na may kapansanan (maliban sa mga serbisyong nag-aalok lamang ng home-visit type child developmental support o visit support para sa mga nursery center, o pareho.); mga self-reliant living assistance service; mga after-school child sound upbringing service; short-term child care support; mga local childrearing support center service; mga temporary custody service; mga day care service para sa mga batang may sakit; mga programa para sa pagsasaayos ng relasyon ng magulang at anak; mga serbisyo para sa suporta sa independiyenteng pamumuhay ng mga batang nasa pangangalaga ng lipunan; mga serbisyo para sa tulong sa pamumuhay ng mga buntis at bagong panganak; mga serbisyo para sa suporta sa pag-unlad ng mga bata; mga pasilidad na ginagamit para sa pagbuo ng ugnayan ng magulang at anak; mga sentro para sa pamilya at mga bata; mga pasilidad kung saan matatagpuan ang local childrearing consultation agency. Ang mga pasilidad na ito ay sakop ng "mga pasilidad para sa kapakanan ng mga bata."

T5 Maaari bang gumamit ng naiibang disenyo para sa palatandaan?

Maaaring gumamit ng sariling disenyo basta't malinaw na nakasaad ang kinakailangang impormasyon ("Maaaring manigarilyo sa lugar na ito." at "Bawal pumasok ang mga taong wala pang 20 taong gulang.").

Para sa iba pang mga madalas itanong, bisitahin ang "Mga Madalas Itanong" sa **Tokyo Metropolitan Government Bureau of Social Welfare and Public Health website "Tokyo Health Station".**

*Ang destinasyon ay isang pahina na nasa wikang Hapon, kaya't pakigamitin ang translation function ng inyong browser upang ito'y mabasa.

Mga pasilidad na may kaugnayan sa mga hakbang laban sa secondhand smoke

■Pamamahagi ng mga sticker para sa palatandaan

Nagbibigay kami ng mga sticker na maaaring ipaskil sa mga pasukan ng pasilidad o smoking area.
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website.

■Mga expert advisor para sa mga silid para sa paninigarilyo atbp.

Ang mga eksperto ay nagsasagawa ng konsultasyon at suporta sa aktwal na lokasyon, pati na rin ang pagsasagawa ng pagsukat ng kapaligiran atbp. kaugnay ng pagpapatayo ng mga silid para sa paninigarilyo atbp. Para sa paggamit, mangyaring tumawag sa 0570-069690.

Halimbawa ng paggamit

Kahit na ang silid para sa paninigarilyo atbp. ay idinisenyo upang matugunan ang mga teknikal na pamantayan, maaaring may panganib na hindi nito aktwal na natutugunan ang mga naturang pamantayan / o sa katunayan, nabigo itong matugunan ang mga teknikal na pamantayan.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga hakbang laban sa secondhand smoke, Batas sa Pagpapabuti ng Kalusugan, at Ordinansa ng Tokyo Laban sa Secondhand Smoke, mangyaring tumawag sa sumusunod na numero.

0570-069690

Lunes hanggang Biyernes (maliban sa mga pista opisyal at year-end)
mula 9:00 hanggang 17:45.

☆Sa labas ng oras ng pagtanggap, maaaring gamitin ang AI chatbot sa aming website. (Japanese lang)

*Libre ang konsultasyon, ngunit may hiwalay na singil sa tawag. Japanese lang.

Maaari rin kayong kumonsulta sa kinauukulang health center.

Ang mga contact information ng health center ay makikita rito. ➡

*Ang destinasyon ay isang pahina na nasa wikang Hapon, kaya't pakigamitin ang translation function ng inyong browser upang ito'y mabasa.

Kung nagtayo ng silid kung saan pinahihintulutan ang paninigarilyo, isumite ang abiso sa kinauukulang health center. Mangyaring suriin ang kani-kanilang oras ng pagtanggap. Ang contact information at ang lugar ng pagsusumite ng abiso ay maaaring magkaiba depende sa health center.

Tokyo Metropolitan Government Bureau of Social Welfare and Public Health website “Tokyo Health Station”

Nagbibigay ito ng pinakabagong impormasyon tungkol sa mga hakbang laban sa secondhand smoke

Ingles na bersyon

Digital Handbook para sa mga Tagapamahala ng Pasilidad

Kung may pagbabago sa nilalaman ng handbook, ang digital handbook na ito ay ia-update.

Inilathala noong Oktubre 2024, Print No. (6)113 (Isinalin mula sa nakasaad na bersyong wikang Hapon)

Tokyo Metropolitan Government Bureau of Social Welfare and Public Health, Health Policy Division Health Promotion Section ☎03-5320-4361
2 Chome-8-1 Nishishinjuku, Shinjuku City, Tokyo 163-8001

KENKO FIRST TOKYO